

TULONG SA KAWALAN NG TRABAHO DAHIL SA SAKUNA **Impormasyon at Mga Karapatan sa Tulong**

DISASTER UNEMPLOYMENT ASSISTANCE
Information and Assistance Rights

Ano ang Tulong sa Kawalan ng Trabaho Dahil sa Sakuna (Disaster Unemployment Assistance - DUA)?

Ang Tulong sa Kawalan ng Trabaho Dahil sa Sakuna (Disaster Unemployment Assistance - DUA) ay nagbibigay ng pansamantalang mga benepisyo sa mga indibidwal na ang trabaho o sariling hanapbuhay ay nawala o naantala bilang direktang resulta ng isang malaking sakuna at hindi kuwalipikado para sa regular na seguro para sa kawalan ng trabaho (unemployment insurance, UI). Ang direktang resulta ay nangangahulugang pagkawala ng trabaho o sariling hanapbuhay dahil sa mismong malaking sakuna at hindi resulta ng mas mahabang hanay ng mga pangyayari na dulot o pinalala ng sakuna. Susuriin ng ahensiya ng UI kung kuwalipikado ang mga indibidwal para sa mga regular na benepisyo ng UI bago sila matukoy na kuwalipikado para sa DUA. Kung kuwalipikado ang mga indibidwal para sa mga regular na benepisyo ng UI, matatanggap nila ang mga benepisyong iyon sa halip na ang DUA.

Ang U.S. Department of Labor ang nangangasiwa sa programa ng DUA at nakikipag-ugnayan sa Federal Emergency Management Agency (FEMA) ng Department of Homeland Security. Ang DUA ay pinangangasiwaan ng mga ahensiya ng UI ng estado na kumikilos bilang mga ahente ng Pederal na pamahalaan sa tuwing may deklarasyon ng kalamidad para sa "indibidwal na tulong kasama ang DUA."

Malalaking Sakuna

Ang ibig sabihin ng "Malaking Sakuna" ay anumang natural na kalamidad (tulad ng bagyo, buhawi, lindol, baha ng snowstorm, atbp.) o iba pang uri ng sakuna (tulad ng pagsabog, natural na pagtagas ng gas, atbp.) na nagreresulta sa deklarasyon ng Pangulo ng isang sakuna. Ginagawa ang isang deklarasyon ng Pangulo kapag natukoy na kailangan ng tulong ng pamahalaan para sa mga komunidad at indibidwal na direktang apektado ng isang sakuna. Nagiging available ang DUA kapag ang deklarasyon ay para sa "indibidwal na tulong kasama ang DUA."

Pagsisimula ng DUA

Batay sa kahilingan ng isang Gobernador ng estado o Gobernador/Pinuno ng Tribo, maaaring magdeklara ang Pangulo ng isang malaking sakuna sa estado. Tutukuyin ng deklarasyon ang mga lugar na apektado ng sakuna at maaaring magbigay ng awtorisasyon sa DUA. Ginagawa ang mga pampublikong anunsiyo sa lugar ng sakuna na nag-aabiso na available ang DUA, na nagbibigay ng impormasyon kung paano at kailan maaaring mag-file para sa mga benepisyo ang mga indibidwal.

Pagiging Kuwalipikado para sa DUA

Ang isa sa mga sumusunod na kondisyon ng kawalan ng trabaho ay dapat na naganap bilang direktang resulta ng sakuna upang maging kuwalipikado para sa DUA:

1. Ang indibidwal ay isang linggong walang trabaho kasunod ng petsa na nagsimula ang malaking sakuna;
2. Hindi maabot ng indibidwal ang lugar ng kanyang trabaho;
3. Nakatakdang magsimula sa trabaho ang indibidwal at ang trabaho ay wala na o hindi maabot ng indibidwal ang trabaho;
4. Naging tagahanapbuhay o pangunahing tagasuporta ang indibidwal dahil namatay ang ulo ng sambahayan bilang direktang resulta ng sakuna; o
5. Hindi makapagtrabaho ang indibidwal dahil sa pinsalang dulot ng direktang resulta ng sakuna.

Mga Kinakailangan sa Pagiging Kuwalipikado

Upang maging karapat-dapat para sa DUA, ang mga indibidwal na nakakatugon sa isa sa mga kondisyon sa itaas ay dapat ding matugunan ang lahat ng sumusunod na kinakailangan sa pagiging kuwalipikado:

1. Hindi kuwalipikado ang indibidwal para sa regular na UI;
2. Walang trabaho ang indibidwal bilang direktang resulta ng sakuna;
3. May kakayahan at available na magtrabaho ang indibidwal maliban kung nasugatan bilang isang direktang resulta ng sakuna;
4. Naghain ang indibidwal ng aplikasyon para sa DUA sa loob ng 30 araw mula sa petsa ng pampublikong anunsiyo ng pagiging available ng DUA; at
5. Hindi tumanggi ang indibidwal sa isang alok na trabaho sa isang angkop na posisyon.

Kailan at Saan Maghahain para sa DUA

Maaaring maghain ang mga indibidwal ng paghahabol sa DUA sa online sa <https://uiclaims.hawaii.gov>. Kung hindi makapaghain ng paghahabol ang isang indibidwal sa online, maaari siyang makipag-ugnayan sa ahensiya ng UI nang walang bayad sa (833) 901-2272 o (833) 901-2275 o (808) 762-5751 o (808) 762-5752.

Dapat ihain ang mga aplikasyon para sa DUA sa loob ng 30 araw mula sa pag-anunsiyo ng pagiging available ng DUA sa estado.

Sertipikasyon sa Patuloy na Claim

Dapat pumunta ang mga indibidwal sa <https://labor.hawaii.gov/ui/ui-forms> at i-download ang Form ETA 83 – Weekly Request for Assistance. Available din online ang mga tagubilin sa kung paano kumpletuhin at isumite ang mga form.

Dapat isumite linggo-linggo ang mga form ng paghahabol para sa bawat linggo na ikaw ay naghahabol ng tulong sa DUA. Ang panahon para sa lingguhang paghahabol ay palaging nagsisimula sa Linggo at magtatapos sa Sabado ng linggong ikaw ay naghahain. Ang mga form ng paghahabol ay dapat na malagyan ng tatak ng koreo o matanggap ng tanggapan ng mga paghahabol sa kawalan ng trabaho sa loob ng 7 araw mula sa petsa ng pagtatapos ng linggo ng paghahabol. Maaaring tanggapin nang lampas sa 7 araw ang paghahabol kung makakapagpakita ka ng mabuting dahilan para sa nahuling paghahain. Hindi available sa ngayon ang paghahain ng lingguhang sertipikasyon ng DUA sa pamamagitan ng telepono o Internet.

Kinakailangang Katibayan ng Pagtatrabaho

Ang mga indibidwal ay kailangang magbigay ng katibayan (halimbawa, income tax return, mga pahayag ng bangko) upang idokumento ang pagtatrabaho o sariling hanapbuhay o upang idokumento ang trabaho na magsisimula sa o pagkatapos ng petsa ng sakuna. Kung hindi maibigay ang katibayan ng pagtatrabaho sa oras na inihain ang paghahabol, mayroong 21 araw ang mga indibidwal mula sa oras na inihain ang paghahabol upang matugunan ang pangangailangang ito. Ang pagkabigong isumite ang dokumentasyong ito sa loob ng 21 araw ay magrer resulta sa pagtanggap sa DUA, at anumang mga benepisyong nabayaran na ay ituturing na sobrang bayad. Kinakailangang bayaran ng mga indibidwal ang anumang mga benepisyong sobrang nabayaran.

Ang Lingguhang Halaga ng Benepisyo (Weekly Benefit Amount, WBA) na Babayaran at Tagal ng Benepisyo ng DUA

Ang minimum na WBA ng isang indibidwal para sa DUA ng Hawaii ay \$283. Maaaring tumaas ang WBA ng isang indibidwal sa minimum na WBA batay sa mga net earning (kita) mula sa sariling hanapbuhay at/o kabuoang sahod mula sa trabaho. Ang maximum na lingguhang halaga ng benepisyo ay \$763 para sa 2023. Ang mga benepisyo ng DUA ay karaniwang binabayaran ng hanggang 26 na linggo, simula sa unang linggo kasunod ng petsa na nagsimula ang malaking sakuna, at nagtatapos sa ika-26 na linggo kasunod ng petsa na idineklara ng Pangulo ang malaking sakuna.

Diskuwalipikasyon at Pagwawakas ng DUA

Maaaring madiskuwalipika ang isang indibidwal para sa mga benepisyo ng DUA o maaaring wakasan ang mga benepisyo ng DUA kung mangyari ang alinman sa mga sumusunod:

1. Nagkaroon ng trabaho ang indibidwal at ang mga kita ay lumampas sa lingguhang halaga ng benepisyo na pinapayagan sa ilalim ng batas ng estado;
2. Tumatanggi ang indibidwal na tumanggap ng angkop na trabaho nang walang magandang dahilan;
3. Tumatanggi ang indibidwal na tumanggap ng referral sa angkop na trabaho nang walang magandang dahilan;
4. Hindi kaya o hindi available para sa trabaho ang indibidwal (maliban kung ang kawalan ng kakayahan ay dahil sa pinsalang dulot ng direktang resulta ng sakuna);
5. Hindi available para sa trabaho ang indibidwal maliban kung ang hindi pagiging available ay dahil sa mga paghahanda ng indibidwal na ipagpatuloy ang sariling hanapbuhay; o
6. Ang indibidwal ay hindi na walang trabaho bilang isang direktang resulta ng sakuna.

Mga Apela

Anumang pagtanggap sa mga benepisyo ng DUA ay maaaring iapela. Dapat maghain ng apela ang mga indibidwal sa loob ng 60 araw mula sa petsa na inilabas ang pagpapasya.

Pagpopondo sa Mga Paghahabol sa DUA

Ibinibigay ng FEMA ang pagpopondo para sa mga pagbabayad sa benepisyo ng DUA at ang mga gastos para sa mga estado upang pangasiwaan ang programa. Ginagawa ng mga ahensiya ng UI ng estado ang mga bayad ng DUA sa mga kuwalipikadong indibidwal na walang trabaho bilang direktang resulta ng kalamidad.

Mga Buwis ng Pederal at Estado

Ang mga benepisyo ng DUA ay sumasailalim sa Federal at State income tax. Maaaring piliin ng mga indibidwal na ibawas ang Federal at State withholding mula sa kanilang mga bayad ng DUA. Makakatanggap ang mga indibidwal ng Form 1099-G upang maghain ng kanilang income tax return.

Mga Pagbabawas sa Suporta sa Bata

Ang mga bayad sa suporta sa bata ay mababawas sa iyong mga benepisyo ng DUA. Kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa mga pagbabawas na ginawa sa iyong tseke, mangyaring makipag-ugnayan sa naaangkop na tanggapan ng Ahensiya ng Pagpapatupad ng Suporta sa Bata (Child Support Enforcement Agency) sa iyong lugar.

Impormasyon sa Lokal na Tanggapan ng Paghahabol

Para sa impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa iyong lokal na tanggapan ng paghahabol, bisitahin ang <https://labor.hawaii.gov/ui/contact>.

Legal na Awtoridad

Seksiyon 410 at 423, Robert T. Stafford Disaster Relief and Emergency Assistance Act (Stafford Act) (42 USC 5177); Title 20, Chapter V, Part 625, Code of Federal Regulations (20 CFR Part 625), gaya ng binago.